716

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

[illegible] SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-28 NG ENERO 2004 ARAW NG MIYERKULES. SA GANAP NA IKA-9.50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier Jr. | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad - ABC |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad - SK |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad<br>Nasa lakad opisyal |

KAPASIYAHAN BLG. 039-T.04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY BAGUMBAYAN NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONGDAAN WALUMPU'T SIYAM NA LIBO DALAWANGDAAN LABING ISANG PISO AT DALAWAMPUNG SENTIMOS (P389,211.20).*

*SAPAGKA'T,* may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Bagumbayan para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

*SAPAGKA'T,* matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC # 70 ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Bagumbayan;

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Roselon F. Pamatmat at Purita P. Sarmiento at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Bagumbayan na nagkakahalaga ng P389,211.20.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

2/11/04